

Sinumpaang Salaysay ng Awtorisasyon ng Caregiver

Ang paggamit ng sinumpaang salaysay na ito ay pinahihintulutan ng Part 1.5 (Mga Seksyon 6550–6552) ng Division 11 ng California Family Code.

Tagubilin: Ang pagkumpleto ng item 1–4 at pagpirma ay nagpapahintulot sa isang menor de edad na ma-enroll sa paaralan at makatanggap ng medikal na pangangalaga na may kaugnayan sa paaralan. Kailangan kumpletuhin ang item 5–8 upang pahintulutan ang iba pang medikal na pangangalaga para sa bata. Sumulat o mag-print nang malinaw.

Ang menor de edad na nakalista sa ibaba ay nakatira sa akin, at ako ay 18 taong gulang pataas.

1. Pangalan ng menor de edad: _____
2. Kapanganakan ng menor de edad: _____
3. Pangalan ko (*nasa hustong gulang na pumupuno ng form*): _____
4. Address ng bahay ko: _____

5. Kamag-anak ako ng menor de edad na pinangalanan sa item 1. (*Tingnan ang likod ng porma na ito para sa kahulugan ng “kamag-anak.”*)
6. I-check ang isa o ang dalawa (*halimbawa, kung kinusap mo ang isang magulang pero hindi mahanap ang isa pa*):
 - a. Sinabihan ko ang (mga) magulang o iba pang tao na may legal na kustodiya sa menor de edad na nasa item 1 tungkol sa aking intensyon na pahintulotan ang medikal na pangangalaga sa bata at walang tumutol.
 - b. Hindi ko makontak sa ngayon ang (mga) magulang o iba pang tao na may legal na kustodiya sa menor de edad na nasa item 1 tungkol sa aking intensyon na pahintulotan ang medikal na pangangalaga sa bata.
7. Petsa ng kapanganakan ko: _____
8. Numero ng aking lisensya sa pagmamaneho ng California o identification card o consular card:

Pag-iingat para sa caregiver: Huwag pirmahan ang porma na ito kung hindi totoo ang alinman sa mga nakumpletong pahayag sa itaas. Kung gagawin mo ito, ikaw ay magkakasala sa isang krimen na mapaparusahan ng multa, pagkakakulong, o pareho.

Pabatid para sa mga lokal na paaralan at provider ng serbisyong pangkalusugan: Balido ang porma kahit walang selyo ng korte o lagda ng hukom o clerk. At hindi rin ito kailangan ipanotaryo.

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng perjury ayon sa mga batas ng Estado ng California na ang impormasyon sa itaas ay totoo at tama.

Petsa: _____



Isulat ang iyong lagda

Tingnan ang Mga Abiso at Karagdagang Impormasyon sa pahina 2.

Mga Abiso:

1. Hindi binabago ng sinumpaang salaysay na ito (kilala din bilang *pahayag*) ang mga karapatan ng mga magulang o legal guardian ng menor de edad na nasa item 1 sa pahina 1 tungkol sa pangangalaga, kustodiya, at kontrol ng bata. Hindi makukuha ng caregiver ang legal na kustodiya ng bata.
2. Ang sinumang gumagamit ng sinumpaang salaysay na ito ay hindi na kailangang magtanong o magsiyasat pa.

Karagdagang Impormasyon:

SA MGA CAREGIVER:

1. Ang “kamag-anak,” para sa layunin ng item 5, ay tumutukoy sa isang matanda na may kaugnayan sa bata sa pamamagitan ng dugo, ampon, o affinity hanggang ikalimang antas ng kamag-anak, kabilang ang stepparents, stepsiblings, at lahat ng kamag-anak na may status na sinundan ng mga salitang “great,” “great-great,” o “grand,” o ang asawa ng alinman sa mga taong ito kahit na natapos ang kasal sa pamamagitan ng kamatayan o diborsiyo.
2. Kung ikaw ay hindi kamag-anak o sertipikadong foster parent, maaaring kailanganin ng batas na makakuha ka ng pahintulot bilang resource family alinsunod sa Section 1517 ng Health and Safety Code o Section 16519.5 ng Welfare and Institutions Code upang alagaan ang bata.
Kung may mga tanong ka, kontakin ang iyong lokal na departamento ng social services.
3. Hindi na balido ang sinumpaang salaysay kung ang menor de edad ay hindi na nakatira sa iyo. Ipabatid sa lahat ng paaralan at provider ng pangangalagang pangkalusugan o health care service plan na nabigyan mo ng sinumpaang salaysay kung ang bata ay hindi na nakatira sa iyo kaya hindi na balido ang sinumpaang salaysay.
4. Kung wala ka ng impormasyong hinihingi sa item 8 (lisensya sa pagmamaneho o ID ng California, o consular card), magbigay ng ibang uri ng pagkakakilanlan tulad ng iyong social security number o Medi-Cal number.

SA MGA OPISYAL NG PAARALAN:

1. Ang Section 48204 ng Education Code ay nagsasaad na sapat na batayan ang sinumpaang salaysay na ito para sa tukuyin kung saan nakatira ang menor de edad, nang hindi kailangan ang guardianship o ibang kautusan sa kustodiya, maliban kung alam ng paaralan na hindi nakatira ang bata sa caregiver.
2. Maaaring hilingin ng paaralan ang karagdagang patunay na ang caregiver ay nakatira sa address sa item 4.
3. Balido ang porma kahit walang selyo ng korte o lagda ng hukom o clerk. At hindi rin ito kailangan ipanotaryo.

SA PROVIDER NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN O HEALTH CARE SERVICE PLAN:

1. Kapag pirmado ng isang kamag-anak, binibigyan ng sinumpaang salaysay na ito ang naturang kamag-anak ng parehong karapatan ng isang guardian na pahintulutan ang medikal at dental na pangangalaga para sa menor de edad na nasa item 1 sa pahina 1, ayon sa Section 2353 ng Probate Code. Maaaring kabilang sa medikal na pangangalaga na pahintulutan ng kamag-anak na caregiver ang paggamot sa mental health para sa bata, alinsunod sa mga limitasyon sa Section 2356 ng Probate Code.
2. Ang isang provider ng serbisyong pangkalusugan na kumikilos nang may mabuting loob batay sa kumpletong *Sinumpaang Salaysay ng Awtorisasyon ng Caregiver* para magbigay ng medikal o dental na pangangalaga, nang walang kaalaman sa mga katotohanang taliwas sa nakasaad sa salaysay, ay hindi mananagot sa krimen o sa civil liability sa sinumang tao, at hindi rin sasailalim sa propesyonal na disiplina, para sa ganitong pag-asa kung nakumpleto ang naaangkop na mga bahagi ng porma.
Balido ang porma kahit walang selyo ng korte o lagda ng hukom o clerk. At hindi rin ito kailangan ipanotaryo.
3. Hindi ginagawang dependent para sa health coverage ang bata sa pamamagitan ng sinumpaang salaysay na ito.